



UNIONE EUROPEA



REGIONE LAZIO



MINISTERO DELL'INTERNO

Fondo europeo per l'integrazione di cittadini di paesi terzi

KURSO NG EDUKASYONG SIBIKA

Pagiging mamamayang Italyano



Talatuntunan

Modulo 1 – Maikling kasaysayan ng Italya

Modulo 2 – Ang Saligang Batas ng Italya

Modulo 3 – Datos pang-demograpiko

Modulo 4 – Kaayusang sentral ng institusyon

Modulo 5 – Kaayusang pampangasiwaan ng teritoryo

Modulo 6 – Ang pamilya

Modulo 7 – Hanap-buhay

- Modulo 8** – Ang sistema ng edukasyon, pagsasanay at edukasyon sa mga may-gulang na
- Modulo 9** – Ang sistemang pangkalusugan
- Modulo 10** – Mga balidong dokumento sa teritoryong Italyano
- Modulo 11** – Tirahan. Pangungupahan sa mga gusali
- Modulo 12** – Ang sistema ng tulong ng pamahalaan
- Modulo 13** – Ang sistema ng pagbubuwis
- Modulo 14** – Kasunduan sa integrasyon at Carta di Soggiorno
- Modulo 15** – Pagkamamamayan



Modulo 1
MAIKLING KASAYSAYAN NG
ITALYA

Maikling kasaysayan ng Italya


Noong unang panahon, Roma ang siyang kabisera ng **imperyong romano** na umaabot mula Inglatera hanggang sa Ehipto, at mula Portugal hanggang sa Mesopotamia (na ngayon ay Iraq).




Latin ang gamit na wika ng imperyong romano. Mula sa latin ay nagkaroon ng mga makabagong lingue romanze: italyano, espanyol, pranses, portuguese at romanian.

Ang "ginintuang siglo" ng wikang italyano ay noong 1300 na pinatunayan ng tatlong magagaling na manunulat na sina: Dante, Petrarca at Boccaccio.


Si **Dante Alighieri**, may akda ng Divine Comedy, ang siyang itinuturing na "ama" ng wikang italyano.



Hanggang 1861 ang Italya ay nahahati sa maraming estado, na ang ilan ay pinamahalaan ng mga banyagang bansa (Austria, Espanya, Pransiya).

 **1861:** itinatag ang *Estado ng Italya*, subalit nanatiling kabisera ang Roma ng *Estado ng Simbahan*, na pinamahalaan ng Santo Papa.




 **1870:** Ang Roma ay naging bahagi ng estado ng Italya at naging bagong kabisera nito.


 **1861 – 1922:** Ang Italya ay isang parlyamentaryong monarkiya.


Ang kauna-unahang hari ay si Vittorio Emanuele II, mula sa pamilya ng Savoia.




 **1922 – 1943:** Ang Italya ay nasa ilalim ng isang diktadura : ang *fasismo*. Sa panahon ng rehimeng ito ang mga italyano ay walang kalayaan ng pananalita, pamamahayag at pagtitipon.



 Matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig, ang Italya ay naging isang demokratikong bansa. Ipinakilala ang *unibersal na karapatan sa pagboto*: nagkaroon ng karapatang bumoto ang lahat ng kalalakihan at maging mga kababaihan.

 **1946:** sa pamamagitan ng isang reperendum ay nagpasya ang mga italyano na wakasan ang monarkiya na nagbigay daan sa **Republikang Italyano.**





Modulo 2
ANG SALIGANG BATAS NG
ITALYA

Ang Saligang Batas ng Italya

Naaprubahan noong taong 1947 at siyang pangunahing batas ng Estado.

Ang lahat ng batas ng Italya ay dapat na naaayon sa prinsipyo at halaga ng Saligang Batas.



Ang Saligang Batas ay binubuo ng 139 na artikulo at nahahati sa dalawang bahagi:

- ang unang bahagi ay naglalarawan sa pangunahing mga **prinsipyo** ng Estado at ang mga **karapatan** at **tungkulin** ng mga mamamayan

- ang ikalawang bahagi ay naglalarawan ng mga batas ng Republika, **ang kaayusan ng Estado** at ang mga namumuno dito.

Mga pigurang ng institusyon: Kongreso at Senado, Pangulo ng Republika, ang Gobyerno at ang Hudikatura



Art.1 Ang Italya ay isang demokratikong republika na itinatag sa paggawa o trabaho

Art.2 Kinikilala at tinitiyak ng Republika ang hindi dapat labaging mga karapatang pantao, bilang isang indibidwal man o sa grupong panlipunan (...).

Art.3 Ang lahat ng mga mamamayan ay pantay-pantay sa harap ng batas, anuman ang kasarian, lahi, wika, relihiyon, kuro-kurong pampulitika, personal o panlipunang katayuan nito.

Art.8 Ang lahat ng relihiyon ay may pantay na kalayaan sa harap ng batas.

Art.10 Ang isang dayuhan, na hindi pinapayagan sa kanyang sariling bansa na kumilos sa isang demokratikong pamamaraan base sa Saligang Batas ng Italya, ay may **karapatan na magpakupkop** sa teritoryo ng Republika alinsunod sa mga kondisyong isinasaad ng batas.

Art.11 Hindi tinatanggap ng Italya ang digmaan bilang instrumento ng pagsalakay laban sa kalayaan ng ibang mga mamamayan at bilang paraan ng paglutas ng mga kontrobersyang internasyonal.

Art.13 Hindi dapat labagin ang personal na kalayaan. Hindi rin tinatanggap ang anumang uri ng paghihigpit sa personal na kalayaan, kung hindi sa pamamagitan ng isang patunay mula sa awtoridad ng hukuman at sa mga kasong isinasaad lamang ng batas.

Art.15 Ang kalayaan at ang pagiging kumpidensyal ng liham at anumang uri ng pakikipagtalastasan ay hindi maaaring labagin.

Art.17 Ang mga mamamayan ay may karapatang magtipon ng matiwasay at walang armas.

Art.21 Ang lahat ng tao ay may karapatan na malayang magpahayag ang kanyang pananaw sa anumang pamamaraan ng komunikasyon.

Ang pamamahayag ay hindi maaaring isa-ilalim sa awtorisasyon o censorship.

Art.38 Ang bawat mamamayan na walang kakayahang magtrabaho at mabuhay ng maayos ay may karapatang tumanggap ng tulong panlipunan.

Art.48 Ang lahat ng mga mamamayan ay mga botante, lalaki at babae, na naka-abot na sa hustong gulang.

Art.51 Ang lahat ng mga mamamayan ng anumang kasarian ay maaaring pumasok sa pampublikong tanggapan at maihalal sa posisyon.

Karapatang Sibil

- Pansariling kalayaan, ng pagkilos, pakikipag-ugnayan, pagpupulong, konsensya at relihiyon;
- Pagkakapantay pantay sa harap ng batas;
- Karapatang ituring na walang sala;
- Karapatan na hindi makatwirang tanggalan ng ari-arian;
- Karapatan sa pagiging mamamayan.



Karapatang politikal

Ang mga ito ay may kaugnayan sa pakikilahok ng mamamayan sa pamamahala ng estado.

Ang pamamaraan ng pakikilahok ay ang mga sumusunod:

- *direkta*: sa pamamagitan ng mga institusyon tulad ng reperendum, petisyon at iba pa.
- *hindi direkta*: sa pamamagitan ng paghalal ng kanilang mga kinatawan.



Karapatang panlipunan

- Karapatan sa pangangalagang panlipunan laban sa mga sakit, katandaan, kawalan ng trabaho at iba pa.
- Karapatan sa kalusugan;
- Karapatan sa edukasyon;
- Karapatan sa trabaho, at iba pa.





Modulo 3

DATOS PANG-DEMOGRAPIKO

Datos ng demograpiko

Kabuuang populasyon ng enero 2011:
60.600.000

kung saan ang mga residenteng dayuhan:
5.000.000

Kabuuang Lalaki: 48,5%

Kabuuang Babae: 51,5%

Datos sa kalagayang sibil


May asawa: 29.890.000

Diborsyado: 1.185.000

Balo: 4.550.000



Pangunahing komunidad ng mga dayuhan sa Italya



Modulo 4


KAAYUSANG SENTRAL NG

INSTITUSYON



Ang demokrasya

Ang Italya ay isang **demokratikong** Republika.
Ang dalawang pangunahing katanginan ng ganitong uri ng gobyerno ay:



- kapangyarihan ng mga tao
- pagsunod sa mga pangunahing prinsipyo ng **kalayaan** at **pagkakapantay-pantay**



Ang mga kapangyarihan ng Estado

May tatlong kapangyarihan ang Estado:

**KAPANGYARIHAN
G TAGAPAGBATAS**

**KAPANGYARIHANG
TAGAPAGPAGANAP**

**KAPANGYARIHAN
GTAGAPAGHUKO**

Ang mga kapangyarihan ng Estado ay magkakahiwalay sa isa't-isa at kumikilos ng malaya sa loob ng mga limitasyong isinasaad ng Saligang Batas.

KAPANGYARIHANG TAGAPAGBATAS

- ay may kapangyarihang maghain at magsulong ng mga batas
- ay ginagawa sa ng Parlyamento

Ang Parlyamento ang nagsusulong at nagpapatibay ng mga batas ng Estado.

Ito ay binubuo ng dalawang organismo:

- *Kongreso*
- *Senado*

Ang halalan ay ginagawa tuwing maka-5 taon.



KAPANGYARIHANG TAGAPAGPAGANAP

- ay may kapangyarihang magpasunod ng mga batas
- ay ipinagkatiwala sa Gobyerno

Ipinatutupad ng Gobyerno ng Bansa ang mga desisyon ng Parlyamento

Ito ay binubuo ng:

- *Presidente ng Konseho (o Puno ng Gobyerno)* na nagtatalaga at nag-aayos sa mga Ministro
- *Mga Ministro*, ang bawat isa ay responsable sa bawat sangay ng affari dello Stato

Halimbawa: Kagawaran ng Paggawa, Min. Ng Ugnayang Panloob, Min, ng Kalusugan, Min. Ng Ugnayang Panlabas atbp.

KAPANGYARIHAN GTAGAPAGHUKO

- ay ang may kapangyarihang magpatupad ng mga batas, parusahan ang mga may sala, maitatag ang tama at mali sa pagitan ng mga mamamayan
- ay ipinagkatiwala sa mga Hukom (Magistratura)

Ang mga Hukom ang sumusubaybay sa pagpapatupad ng mga batas at nagsasagawa ng mga paglilitis.

Ang Consiglio Superiore della Magistratura (C.S.M.) ay ang sangay ng pansariling kinatawan ng Hukuman at tinitiyak ang pagkakahiwa-hiwalay ng kapangyarihan ng dalawang sangay ng pamahalaan.



Maliban sa Parlyamento, sa Gobyerno at sa Mahistrado may iba pang mga mahahalagang institusyon:

Ang Pangulo ng Republika

- ay ang tagapanagot ng Saligang Batas
- kumakatawan sa Estado sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga bansa
- ay inihahalal tuwing 7 taon



Ang kasalukuyan Pangulo ng Republika ay si Sergio Mattarella.

Ang Hukumang Konstitusyonal

- nagpapasya, kung hinihiling, kung ang isang batas ay naaayon sa Saligang Batas
- kung ang batas ay hindi naaayon sa Saligang Batas, ang Constitutional Court ang magpapawalang bisa dito



Ang Administrasyon

Kabilang ng Administrasyon ang:

- mga *tanggapan* na nakakalat sa buong teritoryo ng Republika na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan
- mga *Ministryo*
- ang *Puwersa ng Pulisya*, ang responsable sa pagtatanggol sa bansa



Ang Sandatahang Lakas

Responsableng Lakas para sa Panlabas na Pagtatanggol.

Kabilang sa Sandatahang Lakas:

- *ang Hukbong Sandatahan ng Italya*
- *ang Hukbong Pandagat*
- *ang Hukbong Himpapawid*
- *ang Arma ng Carabinieri*



Pampublikong Kaligtasan

Ang organisasyon at mga indibidwal na nangangalaga sa kaligtasan ng mga mamamayan.

Ang bawat probinsya ay may:

- isang *prefetto*



Kinatawan ng Gobyerno sa teritoryo. Ang mga pasiya nito ay dapat na kaagad na ipinatutupad.

- isang *tagapamahala*



Gumagabay sa buong PUWERSA NG PULISYA ng Probinsya.

Mga mahahalagang numero:
112 Carabinieri **113 Pulis**



Modulo 5
KAAYUSANG ADMINISTRATIBO
NG TERRITORYO



Organisasyon sa teritoryo



Ang rehiyon

May 20 Rehiyon.

Ito ay sumasaklaw sa: kalusugan, transportasyon, tubig, enerhiya, hanap-buhay, propesyonal na pagsasanay. Maaari silang gumawa ng mga batas. Ang halalan ay tuwing 5 taon.

Ang bawat rehiyon ay may isang Gobernador at Sangguniang Pangrehiyong.



Regione Puglia



Regione Lombardia



Ang lalawigan

May 110 na mga lalawigan, ngunit ito ay inaasahang maging 51. Ito ay sumasaklaw sa: mataas na paaralan, kapaligiran, basura, mga kalsada, proteksyong sibil, pagtitipid sa enerhiya.

Ang halalan ay tuwing 5 taon

Ang bawat lalawigan ay may isang Presidente at isang Sangguniang Panglalawigan



Ang munisipalidad

May 8.092 na mga munisipalidad.

Ito ay sumasaklaw sa: serbisyong panlipunan, kindergarten, nursery school, pabahay at karapatan sa pag-aaral ng elemetarya at pangalawang grado, patalaang opisina, seminteryo, pagbabantay sa kapaligiran, disiplina sa mga gusali, trapiko, lisensya sa negosyo, kultura, serbisyong panghalalan. Ang halalan ay tuwing 5 taon

Ang bawat munisipalidad ay may Alkalde at Sangguniang ng Siyudad o Munisipyo.

Ang lahat ng mga organismo (Gobernador ng Rehiyon, Pangulong Panlalawigan, Alkalde at Sangguniang Pangrehiyon, Panlalawigan at Pangmunisipal) ay inihalal ng mga mamamayan.



Nagtatalaga ang gobyerno ng isang prefetto sa bawat probinsya na siyang responsable sa kaligtasan, at ang kaniyang mga pasya na dapat na agarang ipinatutupad.

Mapa ng mga rehiyon

Ang Italya ay may 20 rehiyon.

Ang bawat rehiyon ay may isang kabisera.

Halimbawa: Ang kabisera ng rehiyon ng Piemonte ay ang Turin.

Ang bawat rehiyon ay nahahati sa mga probinsya.

Halimbawa: Ang rehiyon ng Campania ay nahahati sa 5 Probinsya: Avellino, Benevento, Caserta, Napoli at Salerno



Ang rehiyon ng Lazio

Ang bilang ng mga
residente: 5.775.000
na kung saan ang mga
dayuhan: 615.000

Ang Lazio ay ang ikatlong rehiyon sa bilang ng mga nakatira na sumunod sa Lombardia at sa Campania.




Ang Lazio ay administratibong nahahati sa 5 probinsya:


-  **Frosinone** (91 Munisipalidad)
-  **Latina** (33 Munisipalidad)

-  **Rieti** (73 Munisipalidad)
-  **Roma** (121 Munisipalidad)
-  **Viterbo** (60 Munisipalidad)

Pinakamaraming komunidad ng mga banyagang UE sa Lazio



Pinakamaraming komunidad ng mga dayuhang hindi EU sa Lazio



Ang lungsod ng Roma

Bilang ng mga residente: 2.743.796
mga dayuhan ay: 294.000

Ay ang lungsod na may pinakamataas na bilang ng mga dayuhan, sinusundan ng Milan.



Ito ang kabisera ng Italya. Dito naninirahan ang Pangulo ng Republika, ang Gobyerno at ang Parlyamento.

Dito rin matatagpuan ang Estado ng Vatican.




Ang mga Munisipyo ng lungsod ng Rome

Ang lungsod ng Rome ay nahahati sa 15 na *Munisipyo*.

Ang bawat Munisipyo o Lungsod ay may Presidente at isang *Giunta* (4-6 assessors).


Ang halalan ay isinasagawa tuwing 5 taon kasabay ng halalan ng Sanggunian ng Lungsod.



Ang mga Munisipyo ang namamahala sa:

- mga serbisyong pang-demograpiko
- mga serbisyo ng tulong panlipunan
- mga serbisyo sa edukasyon at paaralan
- mga aktibidad at serbisyo sa kultura, palaro at libangan
- mga serbisyo ng pangangalaga ng bayan, pangangasiwa ng pamanang kultura, disiplina sa konstruksyon
- mga gawain para sa pag-unlad ng ekonomiya sa sektor ng handicraft at pangangalakal
- mga tungkulin ng pulis ng bayan





Modulo 6
ANG PAMILYA

Ano ang isang pamilya?

Ang Saligang Batas ng Italya ay nagsasaad na ang *pamilya* ay isang likas na lipunan na itinatag sa pamamagitan ng kasal.


Maging ang isang kopya (mag-asawa) na walang anak ay itinuturing na isang pamilya.



Bukod sa mga mag-asawa na ikinasal sa Italya marami ring pamilya ang hindi kasal.

Ang pagsasamang ito ay tinatawag na:

- *Coppie di fatto*: kung walang mga anak;
- *Famiglie di fatto*: kung may mga anak.



Mga karapatan ng mga mag-asawa

- Pagsasama: katapatan, nagdadamayan at nagtutulungan, atbp.
- Bahay: karapatang manirahan ng magkasama (ang isang asawa ay hindi maaaring palayasin mula sa kanilang tahanan)

Sa pagkakataon ng **pagkakasakit**

Karapatan na dumalaw at tulumong sa ospital, magdesisyon, mabigyan ng kaalaman, at iba pa.

Sa kaso ng **pagkamatay**

Karapatan sa pensyon, sa TFR, sa upa, karapatan na maging tagapagmana, atbp.

Sa kaso ng **paghihiwalay**

Karapatan sa pabuya at kontribusyong pang-ekonomiko (ipinasya ng hukom).

Sa kasalukuyan ang mga karapatan ng mag-asawa ay hindi angkop sa mga kopyang hindi kasal.

Ang mga anak ay may kaparehong karapatan.

Ang mga magulang ay may parehong mga tungkulin sa kanilang mga anak.

SA KASO NG PAGHIHIWALAY AY
MAKIKIALAM ANG HUKOM PARA SA SA
PANGANGALAGA SA MGA ANAK

Ang kasal

Sa pamamagitan ng kasal ang mag-asawa ay nagkakaroon ng **parehong karapatan at tungkulin.**

Halimbawa: parehong dapat mag-ambag sa mga pangangailangan ng pamilya sa pamamagitan ng kanilang mga trabaho (propesyonal o gawaing bahay), turuan ang kanilang mga anak, maging tapat. Pareho silang maaaring humiling ng pakikipaghiwalay at ng diborsyo.

Sa Italya ay maaaring magpakasal:

- *sa isang serimonya sa simbahan;*
- *sa isang serimonyang sibil.*

Maaaring mamili kung nais na magkaroon ng paghihiwalay ng ari-arian, o ang pagsasama ng mga mga ito




Pagsasama ng mga ari-arian: lahat ng kinikita at mga ari-ariang nakuha pagkatapos ng kasal ay awtomatikamenteng pag-aari ng parehong mag asawa.

Paghihiwalay ng mga ari-arian: ang bawat isa ay ang nag-iisang may-ari ng mga ari-ariang nakuha sa panahon ng kasal.

Pagpapakasal sa Italya

Ang sinumang magpakasal sa Italya, maging isang dayuhan ay nasasaklawan ng batas ng Italya

- ⇒ Kasal sa pagitan ng **dalawang dayuhan**: ay maaari kung ang isa sa dalawa ay may regular na presensya sa teritoryong italyano
- ⇒ Kasal sa pagitan ng isang **dayuhan at isang italyano**: hindi kinakailangan ang pagkakaroon ng *permesso di soggiorno* at sapat na ang isang balidong dokumento ng pagkakakilanlan (halimbawa: pasaporte)
- ⇒ Sa kaso ng **dalawang dayuhan na walang regular na permesso di soggiorno** o residensya sa italya, ang kasal ay maaari lamang isagawa sa tanggapan ng Embahada o Konsulado ng sariling bansa na nasa teritoryo ng Italya.



Ang mamamayang dayuhan ay may karapatan na magkaroon ng **permesso di soggiorno** para sa motibong pampamilya, kahit na bago magpakasal ay isang clandestino o walang ligal dokumento ng pamamalagi.

Ang **pagkamamayang Italyano** ay hindi nakukuha sa pamamagitan ng pagpapakasal.

Para maging mamamayan:

- 1)Kailangang lumipas ang hindi bababa sa 2 taon mula sa pag-aasawa
- 2)Ang mamamayang dayuhan ay kailangang **naninirahan** sa Italya ng hindi bababa sa 2 taon (isang taon kung sa pag-aasawa ay nagkaroon ng mga anak).



ANG MGA ANAK: ang pagbubuntis

Ang lahat ng mga **buntis** na kababaihang migrante ay may karapatan sa libreng magpagamot na pagsusuri at analisis (ultrasound, analisis sa dugo, at iba pa). Maaaring magtungo **sa ospital** o kaya ay sa mga **pampublikong klinikang pampamilya**.



Ang lahat ng mga kababaihan, regular mang naninirahan o hindi, ay may karapatang pumunta at tanggapin sa ospital **para manganak**, sila ay may karapatan sa pangangalagang medikal sa panahon at pagkatapos ng panganganak.

Permesso di soggiorno: Hindi kailangang magkaroon ng permesso di soggiorno AT KUNG WALA KA NITO AY HINDI KA ISUSUPLONG.

Ang mga bata: ang kapanganakan

SAPILITAN ang pagpapa-rehistro sa kapanganakan ng bata.

- sa ospital: sa loob ng 3 araw mula sa kapanganakan
- sa Munisipyo: sa loob ng 10 araw mula sa kapanganakan
- ng isang magulang (kung ang mga magulang ay ikinasal)
- ng parehong magulang na magkasama (kung ang mga ito ay hindi ikinasal)

Ang kapanganakan ay maaaring i-report ng isang doktor o ng komadrona na nagpa-anak.

Mga Paaralan: ang nursery ay tumatanggap ng mga batang may edad mula 4 na buwan. Kailangang magparehistro bago pa man ang kapanganakan. Ang gastos ay iba-iba, depende sa katayuang pang-ekonomiko ng pamilya (ISEE).

Mga Bakuna: ang pagpapabakuna sa mga bata ay isang obligasyon at walang bayad. Ang unang bakuna ay dapat gawin sa ika-3 buwan.



Sa Italya ay isang obligasyon ang pagpapabakuna laban sa **dipterya, tetanus, polio, hepatitis B.**

A woman with short dark hair, wearing a blue hard hat with a pink and white stripe and a grey t-shirt, is smiling and carrying a long wooden pole across her shoulders. The background shows a brick wall and a window. The text 'Modulo 7' is in a light blue font, and 'ANG HANAP-BUHAY' is in a white font with a black outline.

Modulo 7
ANG HANAP-BUHAY

Ang hanap-buhay

Lahat ng mga mamamayan ay may karapatang maghanap-buhay o magtrabaho, naaayon sa posibilidad at kanilang kakayanan.

Sa ganitong hangad, ginagarantiyahan ng Republika:

- ang sahod na naaayon at sapat sa ginampanang trabaho
- ang lingguhang pahinga at taunang bakasyon
- ang pantay na pagturing sa mga maggagawang babae at lalaki.



- ang proteksyon para sa mga manggagawang nagbubuntis
- ang tulong para sa mga may kapansanan, mga matatanda at mga naging biktima ng aksidente sa trabaho

Ang **Batas ng mga manggagawa** ay ang Batas noong 1970 na nagsasaad ng mga batayan karapatan ng mga manggagawa ay isinaayos ng **Contratti Collettivi Nazionali di Lavoro**. Ang bawa't kategorya ay may kanya-kanyang tiyak na kontrata. Ang mga kontrata – na panahong nire-renew – ay pirmado ng mga Asosasyon ng mga mangangalakal at ng mga samahan ng mga Unyon ng manggagawa.



Mayroong tatlong tipo ng mga trabaho:

- trabahong dipendyente o namamasukan (may amo)
- Maayos at tuloy-tuloy na pakikipagtulungan
- trabahong autonomo o pangsariling trabaho



TRABAHO

Dipendyente o namamasukan

TIPO NG KONTRATA

- *May taning ang haba o pansamantala* (may takdang panahon)
- *Walang taning ang haba permanente* (walang takdang panahon)

HABA NG TRABAHO

- Buong oras o full-time
- Hindi buo ang oras o part-time



Halimbawa: mga empleyado, guro, nagtatrabaho sa bangko, manggawa, nars, atbp.

TRABAHO

Maayos at tuloy-tuloy na pakikipagtulungan

TIPO NG KONTRATA

kolaborasyon ng may-pagawa at empleyado ukol sa tiyak na programa, walang nabubuong matatag na relasyon sa trabaho

HABA NG TRABAHO

Walang oras na tiyak (ang haba ay may kinalaman sa pagtatapos ng proyekto.)

Halimbawa: mga empleyado ng Call Center

TRABAHO**Trabahong autonomo o pangsariling trabaho****TIPO NG KONTRATA**

Ang manggagawa ay walang puno o amo at ang inaasikaso lang ay ang kanyang mga kliyente.

HABA NG TRABAHO

Ang manggagawa ang nagdi-desisyon ng kanyang oras.

Halimbawa : mga artisans, negosyanti, free lance, atbp.

Ang mga negosyante ay kailangang sumunod sa nakatakdang oras ng pagbubukas at pagsasara ng negosyo

Ang mga Unyon

Kinikilala ng Konstitusyon ang karapatan ng mga manggagawang **sumapi sa mga unyon** upang mapangalagaan ang sama-samang porma ang kanilang mga karapatan at mga pangkabuhayang kapakanan.

Ang pangunahing instrumento ng pakiki-paglaban ng unyon ay ang **welga**, o tinagurian ding ang pagtanggì na pumasok sa trabaho.



Ang mga pangunahing unyon ng Italya ay:



CGIL
6.300.000
kasapi



CISL
4.500.000
kasapi



UIL
2.200.000
kasapi



UGL
1.100.000
kasapi

Ang mga organisasyon ng unyon ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga manggagawang kasapi at gayun din sa mga hindi kasapi.

Halimbawa: pagsasa-ayos at paglalakad ng mga pensyon, buwis, pagbibigay ng legal na payo, serbisyo at pagtataguyod ng karapatan ng mga manggagawa at pensyonado, atbp.

Centri per l'impiego (C.P.I.)

Ang mga C.P.I. o Employment Centre ay mga itinayong tanggapan na tumutulong sa mga mamamayan na **naghahanap ng trabaho.**

Ginagarantiyahan ng C.P.I. ang lahat ng mga nagpalista dito ng isang pag-uusap kaugnay sa oryentasyon at alok ng trabaho at pagsasanay, sa loob ng isang tinukoy na panahon simula ng pagkawala ng trabaho.




Para sa lahat ng impormasyon ay tumawag sa **numero verde 800-818-282**

Para sa anumang tipo ng **sariling trabaho o negosyo**, kailangan ang mga sumusunod:

1. Pagkuha ng numero ng PARTITA IVA
2. Pagpapa-rehistro sa REGISTRO DELLE IMPRESE ng Camera di Commercio
3. Pagpapa-rehistro sa INPS para sa mga tulong o serbisyo at at previdentiali na kontribusyon
4. Pagpapa-rehistro sa INAIL (kung kinakailangan)
5. Ipaalam sa MUNISIPYO ang umpisa ng trabaho para alamin ang pagbabayarang buwis sa pag-kolekta ng basura.

Ang Tanggapang tumutulong dito ay matatagpuan sa: **Camera di Commercio** Via Capitan Bavastro, 116 - Roma
Website: www.rm.camcom.it/



A photograph of a classroom where several students are raising their hands, indicating they want to answer a question or participate. The background is a dark chalkboard. The text is overlaid on the center of the image.

Modulo 8
**ANG SISTEMA NG EDUKASYON,
PAGSASANAY, AT PAG-AARAL PARA
SA MAY GULANG NA**

Ang sistema ng edukasyon

Ang obligasyon ng pag-aaral para sa mga bata ay mula 6 hanggang 16 na taong-gulang.

Mula sa ika-14 na taong-gulang, pagkatapos ng intermediyang pag-aaral, maaaring ituloy ang bokasyonal na pagsasanay (3 taon) na ibinibigay ng mga Rehiyon, at nagtatapos sa propesyonal na kwalipikasyon bilang pagtupad sa kinakailangang edukasyon.





Mga Nurseries na pang-munisipal mula 0 hanggang 3 taon



Mga Pre-school na pang-munisipal, pang-estado, at mga katumbas mula sa 3 hanggang 5 taon



Pangunahing Paaralan 6 hanggang 10 taon, 5 klase



Ika-1^o grado ng Sekundaryong Paaralan
mula 11 hanggang 14 na taon, 3 klase
Nagtatapos ito sa pamamagitan ng isang pagsusuri ng estado.



Ika-2 grado ng Sekundaryang Paaralan
mula sa 14 hanggang 18 taon, 5 klase.
Nagtatapos ito sa pamamagitan ng isang
pagsusuri ng estado.

Dagdag kaalaman

Ang Pre-school ay karaniwang tinatawag na "materne".

Ang mga pangunahing paaralan ay "elementari".

Ang sekundaryang paaralan ika-1 grado "scuola media".

Ang sekundaryang paaralan ika-2 grado "scuola superiore".



Ang sekundaryang paaralan sa ika-2 grado ay binubuo ng mataas na paaralan, mga teknikal na mga kolehiyo at bokasyonal na paaralan.

- Ang Liceo o mataas na paaralan ay nagbibigay ng diploma para makapasok sa Unibersidad.
- Ang mga teknikong paaralan naman ay para makapasok sa Unibersidad at makapasok na din agad sa trabaho.
- Ang mga bokasyonal na paaralan ay maaaring magbigay, pagkatapos ng 3 taon, ng propesyonal na kwalipikasyon na kapaki-pakinabang para sa pagtatrabaho; 5 taon pagkatapos ng pagtanggap ng diploma para sa makapasok sa unibersidad at sa makapag-trabaho.



Mataas na edukasyong teknikal

Isang edukasyon pagkatapos ng sekundaryong, para sa pagsasanay ng mga importante at pang-dalubhasang propesyon, na kinikilala sa pamagat na European Qualification Framework (Quadro Europeo delle Qualifiche)



- Ang mga kurso ay tumatagal ng dalawang taon at nahahati sa 4 na semestre para sa kabuuan ng humigit-kumulang na 2000 oras.
- Ang pagpasok dito ay sa pamamagitan ng isang paligsahan.
- ang mga sentrong ITS ay pinamamahalaan ng mga Foundation na may mga pang-teknikal na institusyon.

CTP – Centri Territoriali Permanenti

Ang mga ito ay mga lugar ng pagsasanay para sa mga populasyong matatanda, Italyano man o dayuhan, para pandaggad sa kwalipikasyon at mga kasanayan na kinakailangan para sa integrasyon sa lipunan at sa mundo ng trabaho.

Ang mga CTP, na matatagpuan sa mga teritoryo kung saan my mga Institutong Paaralan, ay bukas para sa mga may-edad nang migrante, mga kalalakihan at kababaihan, may trabaho at wala, na nangangailangan ng integrasyon sa pamamagitan ng pag-aaral ng wikang Italyano.

Ginagawa sa mga CTP ang:

- pag-aaral ng edukasyong sibika
- iI eksamen na L2
- Libreng kurso ng wikang Italyano A1 A2 B1 B2 C1 C2 na posibleng may kasamang eksamen para sa pagkakaroon ng Katibayan

Ang katibayang A2 na ibinigay na may lagda ng Direktor ng CTP na maaaring nagbibigay-daan sa hindi na pagkuha ng eksamen





Ang Unibersidad

Ay binubuo ng 3 siklo:

1. Kursong pang-unibersidad:
3 taon

2. Pagtatapos sa espeyalisasyon
o *Master's degree*: 2 taon

3. Kursong pang-dalubhasa sa
pananaliksik, kursong
pagsasanay, kurso sa unibersidad
na pang-*masteral* sa
pangalawang antas.



Modulo 9
ANG SISTEMANG
PANGKALUSUGAN



Pambansang Serbisyo sa Kalusugan (SSN)


Ang lahat ng mga mamamayan ay dapat magparehistro sa SSN.

Ang rehistro ay nagbibigay ng karapatan sa:

- pagpili ng doktor pampamilya
- *out-patient* na pagbisita
- makakuha ng reseta sa gamot
- pagbisita ng espesyalista

Halimbawa: ngipin, pagbubuntis, mata, pediyatriya, atbp.

- pagsusulit at pagsusuri
- pagbibigay ng serbisyo ng ospital



Ang mga dayuhang mamamayan ay maaaring magpa-rehistro sa SSN:

- kung mayroong permesso di soggiorno at may regular na trabaho, o nakapagpalista sa rehistro ng mga walang trabaho.
- kung ang mga dayuhan ay may permesso di soggiorno o nasa proseso ng pagre-renew ng soggiorno o ng asylum seekers.



Para sa pagpapa-rehistro, kailangan ng mga sumusunod:

- permesso di soggiorno o resibo ng renewal ng soggiorno
- sariling deklarasyon ng paninirahan o tinitirahan
- sariling deklarasyon sa kodigo ng buwis (fiscal code number)

Kahit ang mga dayuhan na HINDI SAKOP ng panuntunan sa pagpasok at paninirahan ay may karapatan sa pangangalaga ng kalusugan.

Sa mga ilegal na dayuhan (kahit walang wastong dokumento) ang mga **ASL** ay nagbibigay ng tarheta ng **STP**: *Straniero in Permanenza Temporanea*.



Ang kard na **STP** ay magagamit sa:

- out-patient o in-patient na **apurahan at mahalagang** pagpapagamot sa klinika at ospital, kahit sa mga pang-matagalang pagkakasakit at dahil sa aksidente.
- pag-iingat at panga-ngalaga sa pagkakasakit (**mga bakuna**) higit lalo sa kalusugan ng mga bata.
- ang panlipunang pangangalaga ukol sa **pagbubuntis** at pagiging ina.



Ang kard na STP ay:

- tinitiyak ang hindi paghahayag ng mga impormasyong personal ukol sa dayuhan
- may bisa hanggang 6 na buwan (pwedeng baguhin)
- pambansang teritoryo ang bisa
- makikilala sa pamamagitan ng isang code o numero.



REGIONE LAZIO
ASSESSORATO SALVAGUARDIA E CURA DELLA SALUTE

Codice Identificativo: STP120918

Data di 1° accesso: ____/____/2005

Ang pagbibigay ng kard ng STP ay hindi iniuulat o ipina-aalam sa mga Awtoridad.

Ang klinikang pampamilya

Ang mga *klinikang pampamilya* ay ahensyang panlipunan para sa kalusugan na itinatag upang matugunan ang iba't-ibang pangangailanan ng mga pamilya, kababaihan, mag-asawa, mga anak at kabataan.

Ang serbisyo ay pang-kontra sa sakit na katangian at ito ay **walang bayad**.



Ang mga serbisyong ibinibigay sa mga klinika ay:

- mga impormasyon at pagpapayo para sa responsableng pag-aanak
- pagbibigay ng riseta para sa mga iniinom na gamot at mekanikal na aplikasyon sa pagpigil ng pagbubuntis
- pagpapayo ukol sa mga isiping pang-sekswal
- mga impormasyon ukol sa pag-iwas sa mga namamanang panganib at pagsugpo sa mapanganib na pagbubuntis.

Consultorio
familiar

- mga impormasyon ukol sa pagkabaog ng mag-asawa/magkasama
- mga pamamaraan para sa kusang-loob na pag-antala ng pagbubuntis (*I.V.G.*) kahit para sa mga menor-ed-edad at tulong paggagamot sa mga may sulirahin sa pag-iisip at panlipunan.,
- pagpigil sa kanser sa pag-aari ng mga kababaihan

Halimbawa: pagbisita, PAP test, pagsusuri sa suso at kung papaano gawin ang pagsusuri sa sarili.

- pamamahala ng pagbubuntis at mga pagsasanay sa paghahanda sa panganganak



Ang pangunang lunas

118

Ay ang humerong tatawagan kung may grabeng pangangailangan ukol sa kalusugan. Ang numero ay tatawagan para sa madaliang pangangailan, mula sa telepono sa bahay o sa cellular na telepono. Ilang minuto lang at dadating ang ambulansya.

Maarai ding magpuntang mag-isa sa tanggapan nito, at pupuntahan ang seksyon sa ospital na namamahala sa mga kasong pangmadalian.

Pagdating sa ospital, ayon sa sitwasyon ng maysakit, bibigyan ito ng isang code na kulay upang mabisita ng isang taga-tugon.



- **PULANG CODE** : mabilisan kasama ang madaliang pag-pasok sa kuwarta.
- **DILAW NA CODE**: (mabilisan) pagpasok sa kuwara sa 10-15 minuto
- **BERDENG CODE**: (mabilisan pero makakapaghintay) walang peligro ang buhay.
- **PUTING CODE**: hindi mabilisan

UNIONE EUROPEA
REPUBBLICA ITALIANA

Modulo 10 MGA BALIDONG DOKUMENTO

PASSAPORTO



Mga Balidong dokumento

Ang mga pinakamahalagang dokumento na balido sa Italya ay:

- ang *Kard na Pagkakakilanlan o Carta di Identità* (C.I.)
- ang *Kodigong Pambuwis o Codice Fiscale* (C.F.)
- ang *Lisensya sa Pagmamaneho o Patente di guida* (PAT.)

May mga iba pang mahahalagang dokumento tulad ng kard pangkalusugan at Pasaporte.



Ang Carta di Identità

Ang *Carta di Identità* ay ang personal na dokumento na pagkakakilanlan.

Naglalaman ito ng mga datos ukol sa kapanganakan, estadong pampamilya, nas-yonalidad, trabaho at iba pang mga personal na impormasyon.

Ang dokumentong ito ay binabago tuwing 10 taon at hindi ito balido upang gamitin sa pag-lalakbay sa ibang bansa.



Ang dayuhan na regular na naninirahan sa Italya ay maaaring humingi ng Carta di Identita.

Ang C.I. ay hinihingi sa Anagrafe o Tanggapan ng Registro sa lugar na tinitirahan. Kailangan ng 3 litrato, isang dokumentong pagkikilanlan at ng Permesso di soggiorno na balido; o kaya ay Clearance at resibo na natanggap sa unang kahilingan mula sa Questura.



Ang Codice Fiscale

Ang *Codice Fiscale* o *kodigong pang-buwis* ay isang kard na ginagamit upang matukoy nang natatangi ang mga mamamayan na para sa mga layunin ng pangangasiwa at buwis.



Ang Codice Fiscale ay hinhingi sa mga Tanggapan ng Agenzie delle Entrate.
Kinakailangan ng kopya ng permesso di soggiorno at ng Pasaporte.

Ang Lisensya sa Pagmamaneho

Ito ay isang dokumento na kinakailangan upang makapagmaneho ng anumang sasakyang de-motor sa mga pampublikong kalsada.

Ito ay ibinibigay matapos ang isang praktikal at tiyorikal na eksamen sa pagmamaneho.



Ang eksamen upang makakuha ng Lisensya sa pagmamaneho ay binubuo ng dalawang bahagi:

- isang teyoryang pagsubok ukol sa mga panuntuhan ng kalsada, ang tamang pag-uugali, atbp.
- isang praktikal na pagsubok sa pagmamaneho.

Ang tiyoryang pagsubok ay binubuo ng 40 katanungan lamang (tama o mali).
Dapat na sagutin ng tama ang hindi bababa sa 36 na katanungan (hindi hihigit sa 4 na pagkakamali).



Ang aplikasyon para sa lisensya sa pagmamaneho ay dapat gawin sa mga Tanggapan ng Motorizzazione.

Kinakailangan ang:

- 2 bagong litrato na pang-ID, ang isa ay *authenticated*;
- katibayan ng pagamutan na may selyo (at kopya), may litrato, na ang petsa ay hindi mas maaga sa 3 buwan, na ibinigay ng isang lisensyadong manggagamot;
- katibayan ng pagbabayad ng €24,00 sa c/c 9001 at ng €14,62 sa account number c/c 4028

Ang mga mamamayang hindi taga-EU ay dapat ding maglakip ng kopya ng permesso di soggiorno o ang resibo ng aplikasyon sa renewal o ng unang paghingi ng naunang dokumento (nakikita).

Modulo 11

TIRAHAN



Ang upa sa bahay/1 tirahan

Para sa upa sa isang tirahan, mayroong dalawang posibleng tipo ng kontrata: ang isa ay ang tinatawag na canone libero e a canone concordato



Ang PAMANTAYANG MALAYA o CANONE LIBERO. Ang presyo ay malayang natutukoy sa pagitan ng may-ari at nangungupahan. Ang minimum na tagal ay 4 na taon at ito ay kusang nababago para sa karagdagang 4 na taon, maliban para sa mga espesyal na kaso (kung nagsisilbing tahanan ng may-ari, ang pagbebenta ng apartment...

Ang upa sa bahay/2

Ang PAMANTAYANG PINAGKASUNDUAN o CANONE CONCORDATO. Ang buwanang presyo ng upa ay itinatag sa teritoryong kasunduan sa pagitan ng mga organisasyon ng mga nangungupahan at mga may-ari. Para sa kanilang dalaway, may mga awas sa buwis.

Ang itatagal ay 3 taon at ito ay kusang nababago para sa dalawang taon, maliban sa mga kaso tulad ng Pamantayang Malaya

Ang mga kontrata ay dapat na iniri-rehistro sa *Ufficio delle Entrate* sa loob ng 30 araw pagka-pirma. Ang buwis ay 2% ng kabuuang taunang upa at dapat ay paghahatian ng may-ari at nangungupahan. Ang pagbabayad ay ginagawa sa mga bangko o Post Office sa pamamagitan ng paggamit sa Modulo na tinatawag na F23

AGENZIA DELLE ENTRATE		1. VERSAMENTO DIRETTO AL CONCESSIONARIO DI		Mod. F.23
		PERUGIA		
		2. DEBITA (RIVOCABILE A)		
		POSTE ITALIANE		
MODELLO DI PAGAMENTO: TASSE, IMPOSTE, SANZIONI E ALTRE ENTRATE		AGENDAMENTO: PONTE S. GIOVANNI		PG
		3. NUMERO DI RIFERIMENTO		1, 4, 6, 5, 9, 4, /, B, X, 6, 5, 9, 0, 2, 2, 4, 5
DATI ANAGRAFICI				
COGNOME, PRENOME E NOME SOCIALE		NOME		DATA NASCITA
4. SAVASTANO		LUIGI		09/06/1968
5. VESTE		F, G		S, V, S, L, G, U, 6, 8, F, 0, 4, L, 8, 5, 8, U
COGNOME, PRENOME E NOME SOCIALE		NOME		DATA NASCITA
5. MICHELE		VERDI		05/01/1975
6. CERNUSCO SUL NAVIGLIO		M, I		V, R, D, M, C, H, 7, 3, A, 0, 5, M, 5, 3, 2, X
DATI DEL VERSAMENTO				
8. UFFICIO O ENTE	7. COD. TERRITORIALE (1), CONTENZIOSO 9. CAUSALE	10. SISTEMI RELATIVO O DEL DOCUMENTO		
8, 7, 3, 2, 2	T, E, R, 4	2		R, P, 2, 0, 1, 1, 5, 3, -4, 5, 1, 2
11. CODICE TRIBUTO	12. DESCRIZIONE (1)	13. IMPORTO	14. COD. DESTINATARIO	

Ang pagbili ng mga bahay/gusali

-Ang mamimili ay nagpapahiwatig ng panukala upang bumili sa nagbebenta at nag-iwan ng deposito (caparra)

-Kung ang panukala ay tinanggap, kailangan pumirma g paunang kasunduan (pangako upang magbenta) at ang bumibili ay dapat magbayad ng deposito

-Ang aktwal na kasunduan ay pinipirmahan sa harap ng Notaryo Publiko (pampublikong sumasakop sakatiyakan ng pagiging wasto ng mga kontrata ng pagbebenta), ang dokumentong ito ay tinatawag na "Rogito" o "Deed". Ang mamimili ay magbabayad ng halagang nakasaad sa mga preliminaryong kontrata.

-Ang pagbili ng bahay ay nangangahulugan ng pagbabayad ng buwis.



Modulo 12

ANG SISTEMA NG TULONG NG PAMAHALAAN

POMPA
PENSIO
ALLA SET

Ang sistema ng panlipunang tulong ng pamahalaan

Ang sistema ng pensyon ay nagbibigay ng sustento sa mga:

- huminto na sa pagtatrabaho dahil katandaan ayon sa edad: *pensioni di vecchiaia*
- huminto na sa pagtatrabaho ayon sa haba taon ng kontribusyon sa kaseguruhang panlipunan: *pensioni di anzianità*



- hindi na makapagtrabaho dahil sa kakulangan ng kakayanan o may kapansanan: pensione di invalidità
- ay kaugnay ng isang kapamilya na namatay sa serbisyo at bahagi ng pwersa sa paggawa: pensione ai superstiti
- walang anumang naging sweldo at walang kakayanang magtrabaho: pensione assistenziali

Ang sistemang ito ay tinutustusan sa pamamagitan ng mga kontribusyong panlipunan na binabayaran ng mga manggagawa at ng mga amo sa mga institusyon na siyang tagapamahala ng mga pensyon.

Ang mga pondo ay pinamamahalaan ng *I.N.P.S. (Istituto Nazionale Previdenza Sociale)* at ng iba pang ahensya para sa ilang mga kategoriyang propesyonal.

Para sa ***pensione di vecchiaia*** kinakailangan:

- Nakapagbayad ng hindi bababa sa 20 taong kontribusyon.
- Ang pagkakaroon ng hindi bababa sa 66 na taon at tatlong buwang gulang, pagsapit ng Enero 1, 2018, kahit na ang mga may pansariling kalakalan.



Para sa **pensione di anzianità** kailangan ay:

- Nakapag-umpisang magbayad ng kontribusyon bago sumapit ang 31/12/1995
- Naka-kumpleto ng 41 taon at 6 na buwang kontribusyon para sa mga kababaihan, at 42 para sa kalalakihan.

Ang pagbabayad ng kontribusyon ay katumbas ng 33% ng kabuuang sweldo. Ang 1/3 nito ay babayaran ng manggagawa; 2/3 naman ang babayaran ng amo.



I.N.A.I.L.

Ang I.N.A.I.L ay isang institusyon ng paseguruhan ng para sa mga manggagawa: *Istituto Nazionale contro gli infortuni sul lavoro.*

Nagbibigay ng proteksyon sa mga manggagawang biktima ng aksidente sa trabaho.



Ang pagseseguro o insurance ay sapilitan at ang halaga ay naka-talaga ayon sa mga sektor: industriya, kalakalan, serbisyo o iba pang mga aktibidad.

Ang mga gastos para sa kaseguruhan ay kabuuang nakasalalay sa may-ari ng aktibidad o ng kalakalan.

Maliban sa kaso ng "para-subordinato" (pakikipagtulungan sa proyekto), kung saan ang mga manggagawa ang kailangang magbayad ng 1/3ng halaga.



Modulo 13

ANG SISTEMA NG PAMBUWIS



Ang sistema na pambuwis

Ang Estado, at mga lokal na awtoridad (Rehiyon, Lalawigan, Munisipyo) ay maaaring magbigay ng serbisyong pampubliko na kailangan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng BUWIS na dapat bayaran ng lahat.

Buwis: binabayaran lamang kung magsasagawa ng isang tiyak na gawain.



Halimbawa: lisensya sa pagdadala ng baril, lisensya sa pangangaso (hunting), paggamit ng pampublikong lupain

Mga Buwis: binubuo ng isang pagpataw ng buwis sa kayamanan ng mga mamamayan na hindi nakatali sa pagkakaloob ng mga serbisyong ibinigay ng Estado.

- *Direktang Buwis:* may kaugnayan sa kayamanan ng sinumang mamamayan.

Halimbawa: IRPEF sa personal na kinita, IRES sa kita ng kalakalan, IMU sa mga gusali at basura, atbp.

- *Hindi direktang buwis :* inilalapat kung may isang paglilipat ng ari-arian.

Halimbawa: IVA, Inp. ng Rehistro, Selyo, atbp.




Mga kontribusyong kinakailangan para sa pagpapatakbo ng mga serbisyong pampubliko:

- *Kontribusyong pantulong*: para masakop ang mga panganib na may kaugnayan sa kapansanan p pinsala.

Halimbawa: INPS, INAIL

- *Kontribusyong pang-kaligtasang panlipunan*: upang makakuha ng benepisyo pag nagretiro.

Halimbawa: INPS, INPDAP



Ang deklarasyon ng mga kinita ay ang dokumento kung saan ay ipinapa-alam ng mga mamamayan sa *FISCO* kung magkano ang kanilang kinita, at nagbabayad ng karampatang BUWIS.

Ang deklarasyon ay ginagawa sa pamamagitan ng pagpuno ng **Modello 730** at ibinigibay hanggang ika-2 ng Mayo sa kanyang amo, o sa isang CAF (Centro di Assistenza Fiscale o Tax Assistance Centre).



The image shows a close-up of a hand holding a red pen, filling out the Modello 730-1bis redditi tax form. The form is titled "MODELLO 730-1bis redditi" and "scheda per la scelta della destinazione del 5 per mille dell'IRPEF". It includes sections for "CONTRIBUENTE" (Contributor), "DATI ANAGRAFICI" (Anagraphic Data), and "SCELTA DEL DICHIARANTE PER LA DESTINAZIONE DEL CINQUE PER MILLE DELL'IRPEF" (Choice of the declarant for the destination of the five percent of IRPEF). The name "Giovanni Verdi" and the tax code "00652220138" are visible. A small note at the top right states: "Da consegnare unitamente alla dichiarazione dei redditi, l'importo di acquisto e imposta, al C.A.F. o al professionista abilitato. Da consegnare fiscale e gratuita che esclude il pagamento di imposta e apposta tutta chiusa contrassegnata sul fondo di chiusura." A larger note at the bottom states: "In aggiunta a quanto spiegato nell'informativa sul trattamento dei dati, si precisano che i dati personali utilizzati solo dall'Agenzia delle Entrate per attuare la scelta."

Hanggang sa ika-15 ng Marso bawat taon ibinibigay ng employer sa manggagawa ang **CUD** (Certificato Unico Dipendente) kasama ang buod ng lahat ng kinita nang nakaraang taon.

Ang CUD ay inilalalagay sa Modello 730.


Kailangang ilagay sa Modello ang lahat ng mga kita na natanggap (real estate, mga serbisyong ginawa, kinita, atbp.)

Walang bayad ang paggawa ng Modello 730:

- Yoong mga empleyadong swelduhan o yoong mga pensyonado LAMANG
- Yoong may mga kapansanan, pensyonado ng digmaan, atbp.



MGA SERBISYO / MGA SINGIL



Ang mahahalagang serbisyo ay ibinibigay ng iba't-ibang mga ahensya, sa pamamagitan ng pag-pirma sa KONTRATA NG PAG SU-SUPPLY, na inuumpishan sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o pagpunta sa mga tanggapan ng kumpanya para sa mga mamamayang nagnanais ng serbisyo.

Nakalahad sa mga kontrata ang paraan ng pagbabayad. Ang halaga ng babayaran sa mga serbisyo ay tinatawag na TARIFFA o SINGIL. Ito ay isina-aayos sa isang parte ng pamahalaang sentral ng kumpanya, at sa kabilang parte ay ng namamahala ng serbisyo.



Mga basura ng
munisipalidad o siyudad




Binabayaran ng BUWIS ang mga Solidong Basura sa Siyudad, naaayon sa pag-okupa ng anumang gusali.

Ang pamamahala at koleksyon g buwis ay ipinagkatiwala sa mga munisipyo.

Ang pagbabayad ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng ng *Conto Corrente Postale* na ipinadadala palagi ng kumpanya.

Ang bayaran ay ginagawa sa mga Tanggapang Koreo o Post Offices at ilang mga Bangko.

A photograph of two hands shaking, symbolizing agreement or partnership, set against a blue background. The hands are positioned horizontally across the center of the slide.

Modulo 14

KASUNDUAN PARA SA INTEGRASYON CARTA DI SOGGIORNO

Kasunduan para sa integrasyon

Ang mga dayuhang pumasok sa Italya sa unang pagkakataon ay dapat lumagda sa Kasunduan para sa integrasyon.

Isang sistema na ginagamitan ng puntos, na ibinibigay sa pagsasagawa ng mga sumusunod:

Halimbawa:

-Pagpili ng manggagamot puntos	4
-Kontrata ng inuupahang bahay	6
-Kultura sibika	15
-Wikang Italyano antas A2	24



Maaaring mabawasan ang puntos kapag nahatulan ng krimen ang dayuhan, ng pagkabilango at multa, kahit ang kaso ay hindi pa tiyak o nililitis pa lamang

Kasunduan para sa integrasyon/2

Sa panahon ng aplikasyon para sa pagpasok ay binibigyan ng 16 puntos

Sa loob ng 2 taon ang dayuhan ay dapat magpakita na naabot nila ang 30 puntos, na napupunuan sa pamamagitan ng kaalaman sa wikang Italyano antas A2 at pag-unawa sa konstitusyon na mahalaga sa etikong Italyano

Kung sa 2 taon ang 30 puntos ay hindi naabot, ang dayuhan na may higit sa 0 puntos ay bibigyan pa rin ng 1 taong karagdagan para mapunuan ang kakulangang ito.



Kasunduan para sa integrasyon/3

Sa karagdagang taon ang dayuhan ay kinakailangang umabot sa 30 puntos. Ngunit sapilitan ang kurso ng edukasyong sibika at ang kaalaman sa wikang Italyano antas A2

Ang hindi paglahok sa kurso ng edukasyong sibika ay nangangahulugan ng pagbawas ng 15 puntos

Ang kakulangan sa pagpuno ng 30 puntos ay nangangahulugan ng hindi pagre-renew ng pahintulot sa pananatili at ang pagpapa-alis sa Italya.



Kasunduan para sa integrasyon/4

Upang panatilihin ang 15 sa 16 na puntos ay sapat na upang lumahok sa mga kurso ng edukasyong sibika na ipinahiwatig ng *Prefettura*

Upang makuha ang 24 na puntos na may kaugnayan sa kaalaman ng wikang Italyano sa A2 antas, magpatala sa isang libreng kurso sa mga Centri Territoriali Permanenti (CTP) o sa mga boluntaryong paaralang na may kaugnayan sa CTP. Ang mga ito ay walang bayad. Sa pagtatapos ng kurso isang katibayan na ibibigay at ito ay magagamit lamang upang makuha ang Permesso di soggiorno.

Ang 2 elementong to ay nang maka-abot na ng 30 puntos at ang mga ibang hinihinging pangangailangan



Maaari ding kumuha ng isang EKSAMEN – na may bayad – upang makakuha ng isang SERTIPIKATO, na parehong may bisa para sa Permesso di soggiorno, para sa iba pang bagay o sa pagpapalista sa mga kurosng may kinalaman sa Pagsasanay

Carta di soggiorno na pang-matagalan

Ang dayuhang regular na naninirahan sa Italya ng mahigit sa 5 taon, may taunang kita na katumbas ng (Euro 5143) at walang kasong nakasampa ay maaaring humingi ng CARTA o ng residence permit na pang-matagalan

- para sa kanyang sarili
- para sa asawa na mahigit sa 18 taong gulang
- para sa mga anak na menor-de-edad na naka-dipende sa kanya
- para sa mga magulang na naka-dipende sa kanya

Gayunpaman, dapat magpakita ng katibayang nagpapatotoo ng kaalaman sa wikang Italyano na hindi bababa sa antas A2, kung saan ay maaaring makuha sa parehong paraan ng kasunduan sa integrasyon

Ang kahilingan ay ginagawa sa pamamagitan ng pagpuno ng nakatakdang Modulo sa mga Tanggapan ng Koreo/Post Office

Carta di soggiorno na pang-matagalan/3

Para sa kaalaman sa wikang Italyano, ang dayuhan ay maaari ding direktang mag-aplay sa Prefettura upang kumuha ng eksamen na libre sa:

<http://testitaliano.interno.it>

Ipatatawag ang dayuhan sa loob ng 60 araw mula sa araw ng aplikasyon



Hindi kinakailangang magpakita ng kaalaman sa wikang Italyano ang: 1) mga nag-aral ng kwalipikadong propesyon sa Italya; 2) ang mga taong pumasok na may "mataas na kwalipikasyon"; 3) iyong may mga katibayan mula sa mga ahensya ng pampublikong kalusugan, mga may limitasyon ang kakayahan sa pang-unawa, (dahil sa edad, sakit, kapansanan)

Pagsasama-sama ng pamilya

Ang dayuhang mamamayan na mayroong permesso di soggiorno para sa trabaho (namamasukan), sariling kalakalan, pag-aaral, na may tagal ng panahon na hindi bababa sa isang taon, o para sa mga may-ari ng Kard na pang-matagalan, ay maaaring humiling na papuntahin ang mga pinakamalapit na pamilya upang sila ay manirahan sa bansa ng magkakasama.

Maaaring hilingin para sa:

- asawa
- Mga menor-de-edad na anak, kabilang ang anak ng asawa o anak sa labas, hindi kasal, o ligal na hiwalay (sa ganitong kaso, kailangan ang pahintulot ng magulang)
- Ang mga umaasang anak na malalaki na, kung saan ang mga ito ay hindi maaaring mamuhay ng sarili dahil sa kalagayan ng kanilang kalusugan
- Ang mga umaasang magulang na walang sapat na suporta ng pamilya sa Bansang pinagmulan



Muling pagsasama-sama ng pamilya/ 2

Ang pamamaraan

- Ang pagpuno ng tamang modulo ng aplikasyon sa Sportello Unico kasama ang kopya ng Pasaporte, ang Permesso di soggiorno, ang isang dokumento na may kinalaman sa bahay na tinitirahan at kinikita.



- Ang pamilya ay dapat magpunta sa Konsulado Italyano sa bansa kung saan sila naninirahan, dala ang mga dokumento ukol sa relasyong pampamilya, ang pagka-menor-de-edad ng anak, o katayuang pangkalusugan.



- Ang Sportello Unico ay nagbibigay ng resibo ng aplikasyon at mga dokumentong ipinasok. Sa loob ng 90 araw ng kahilingan, ang Sportello Unico ay magbibigay ng Nulla Osta o Clearance Certificate, maging sa pagtanggap, na ipina-aalam sa Konsulado



Muling pagsasama-sama ng pamilya/ 3

Ang pamamaraan



● Pagkatapos ng 90 araw, ang pamilya ay maaaring dalhin sa Konsulado ang kopya ng resibo ng na ginamit sa aplikasyon at ang mga dokumento na ipinakita sa Sportello Unico upang makakuha ng Bisa para makapasok sa Italya.



● Sa loob ng 8 araw mula sa pagpasok sa Italya, kailangang abisuhan ang Sportello Unico sa pagdating ng pamilya at hintayin ang tawag para kuhanin ang mga kinakailangang papeles upang humiling ng permesso di soggiorno. Ang mga modulong nasagutan ay dapat ipadala sa Questura sa pamamagitan ng Ufficio Postale/Post Office. Ang Post Office ay magbibigay ng resibo na may dalawang CODE na (userid at password) upang personal na alamin ang katayuan ang dokumento da pamamagitan ng Internet.

Ang permesso di soggiorno na pampamilya ay nagbibigay-daan na maka-pagtrabaho bilang empleyado o kaya ay magtayo ng pansariling kalakal, makapagpalista sa mga kursong pampaaralan, at makagamit ng mga benepisyo ng mga serbisyo ng pambansang pangkalusugan (SSN).

Modulo 15
PAGKAMAMAMAYAN



Ang pagkamamamayan

Ay nakukuha:

- 1) kung patuloy na naninirahan sa Itaya ng 10 taon, kung may sapat na mapagkukunan ng ikabubuhay, at kung walang krimeng ginawa. Ang pagkakaroon ng nasyonalidad ay hindi awtomatikong nakukuha pagkatapos ng aplikasyon.
- 2) kung ipinanganak sa Italya ng mga magulang na dayuhan at nanirahan sa bansa ng walang patid hanggang 18 taong gulang. Dapat mag-apply sa loob ng ika-19 na taon.
- 3) Kung kasal sa isang mamamayang Italyano, pagkatapos ng dalawang taong legal na paninirahan sa Italya o pagkatapos ng tatlong taon ng kasal kung nakatira sa ibang bansa (mababawasan ng kalahating panahon kung may mga anak na isinilang o inampon bilang mag-asawa), sa kundisyon na walang nagawang krimen ang aplikante.





UNIONE
EUROPEA



REGIONE
LAZIO



MINISTERO
DELL'INTERNO

Corso di educazione civica *Essere cittadini italiani* Gennaio 2014

Autori:



Associazioni di volontariato e del privato sociale sostenute da CESV-SPES

Via Liberiana, 17 00185 Roma Tel: 06491340
scuolemigranti@cesv.org www.scuolemigranti.it

Stesura curata da: Francesca Abbate, Daniela Bossa, Valentina Casavola, Daniele Diviso, Fiorella Farinelli, Augusto Venanzetti

Progetto grafico: Francesca Abbate

Traduzione dall'italiano a cura di: Charito Basa e Marita Moaje

